**Kagawaran ng Real Estate ng California**
1651 Exposition Boulevard
Sacramento, CA 95815
www.dre.ca.gov

## Alerto Para sa Mamimili

### Mag-ingat sa mga Mapagsamantala sa mga Nasa Pinansyal na Sitwasyong Walang Katiyakan

Sa mga panahong ganito na ramdam ng ekonomiya at mga mamimili ang epekto ng pambihirang mga hakbang na ipinapatupad para pabagalin ang pagkalat ng coronavirus (COVID-19), gustong magbigay ng babala ang Kagawaran ng Real Estate o Department of Real Estate (DRE) sa mga mamimili na posibleng nasa pinansyal na sitwasyong walang katiyakan. Pakitandaan ang sumusunod pagdating sa mga transaksyon sa real estate, utang sa bahay, at renta:

- Basahin nang mabuti ang lahat ng dokumento at huwag na huwag pipirma ng mga blangkong dokumento. Humingi ng payo mula sa taong pinagkakatiwalaan mo bago pumirma ng kahit ano.

- Kung muling magpipinansya, mag-ingat sa mga bait-and-switch na taktika kung saan paniniwalain kang makukuha mo ang isang partikular na rate ng interes, pagkatapos ay mas mataas na rate ang ipapakita sa dokumento ng utang nang walang paliwanag.

- Kung kailangan mo ng tulong sa pagbabayad ng utang sa bahay, makipag-ugnayan muna sa institusyon na nagpautang sa iyo o diretso sa taong tumulong sa iyo na ayusin ang utang. Nagbibigay rin ng libreng serbisyo sa pagpapayo ang Kagawaran ng Pabahay at Pagpapaunlad ng Lungsod ng Estados Unidos o U.S. Department of Housing and Urban Development (HUD), www.hud.gov. Tandaan, labag sa batas na humingi ng bayad nang mas maaga para sa tulong na baguhin ang utang sa bahay.

- Kung kailangan ng tulong sa pagbabayad ng renta, makipag-ugnayan muna sa tagapamahala o may-ari ng nirerentahang tirahan. Ang iba pang mga ahensya ng gobyerno na puwedeng kontakin ay ang HUD, Kagawaran ng Serbisyong Panlipunan o Department of Social Services, at iba pang mga lokal na organisasyon ng iyong county.

- Kung naghahanap ka ng lugar na puwedeng rentahan at gusto mong bumili ng listahan ng mga bahay o lugar na bakante, siguraduhing handang ibalik ng kumpanyang bibilhan mo ng listahang ito ang iyong pera kapag hindi ka nakahanap ng tatlong tirahang puwedeng rentahan na nakakatugon sa iyong mga pangangailangan. Dagdag rito, siguraduhing lisensyado ng DRE ang kumpanya sa pamamagitan ng pagtingin dito: http://secure.dre.ca.gov/publicasp/prls.asp.

- Kung kailangan mong magpadala ng pera sa pamamagitan ng wire o elektronikong pagpapadala ng pera, kumpirmahin ang proseso sa pinagkakatiwalaang kontak. Ugali ng mga kriminal na magpanggap na sila ang iyong ka-transaksyon at posible nilang subukang baguhin ang proseso ng pagpapadala ng pera. Kung kaya, magbayad nang personal gamit ang cashier’s check o money order. Tingnan ang Alerto Para sa Mamimili para sa karagdagang impormasyon tungkol sa panloloko sa pagpapadala ng pera gamit ang wire transfer o elektronikong pamamaraan.

- Siguraduhing lisensyado ang mga taong kausap mo. Kailangang lisensyado ng Estado ang mga ahente ng real estate, mga nagpapautang para sa bahay, mga tagapayo para sa pagbabago ng utang at mga tumutulong na mapigilan ang pagreremata, at tagapamahala ng tinitirhan.

May ilangmga publikasyon para sa konsumer ang DRE na matatagpuan sa www.dre.ca.gov, sa ilalim ng talaan ng Publikasyon. Kung sa tingin mo ay biktima ka ng panloloko sa real estate, utang sa bahay, o renta, maghain ng reklamo sa DRE sa https://eocs.dre.ca.gov at sa opisina ng iyong lokal na Abogado ng Distrito.

###

Petsa ng Isyu: Marso 2020